P3 Pondo sa Pagbabago at Pag-asenso

Ang Pondo sa Pagbabago at Pag-asenso (P3) ay nilikha bilang tugon sa direktiba ni Pangulong Rodrigo Duterte na mai-angat ang Micro, Small and Medium Enterprises (MSME) sector.

Ito ay naglalayong tumulong na makapagbigay ng alternatibong mapagkukunan ng karagdagang puhunan para sa maliliit na negosyante na humihiram mula sa mga "5-6" lenders.

# A WOUNDED WARRIOR'S STORY OF SURVIVAL AND RESILIENCE

**CORPORAL JAFFEE AMISOLA**

9th Scout Ranger Company, First Scout Ranger Regiment of the Philippine Army

> "*Araw-araw gumigising ako sa tunog ng pagsabog, yung iba malayo pero mas madalas nakabibingi sa lapit. Matapos ang ilang sandali maririnig naman ang mga* helicopter *na nagpa-*patrol *sa bubungan ng gusaling nagsilbi naming kublihan at pahingahan. Mula sa aking kina-uupuan natatanaw ko ang mga kapwa ko sundalo – nakikinig, nakikiramdam at tumatanaw sa malayo. Araw-araw nagdadasal kami na sana'y matapos na ang gulo.*"



Corporal Jaffee Amisola was awarded Gawad Buhayani during the celebration of Dr. Jose P. Rizal's 157th birthday in June last year in Calamba City. (Photo by Chris Quintana)

**Corporal Jaffee Amisola** of the 9th Scout Ranger Company, First Scout Ranger Regiment of the Philippine Army was not new to life in the battlefield. A local of Calamba, Laguna, Cprl Amisola was assigned in Basilan when war broke in Marawi in May of 2017. In June he and his team were called upon to fight alongside other government troops fighting to free the City from terrorists. It was a mission he never thought would be his last deployment. In August 14 while trying to secure a large building, he was hit by an M14 rifle bullet. His wounds were near fatal, he never thought he will live.

*"Ise-secure sana namin yung building kung saan nagtatago yung mga terorista. Patawid kami ng kalsada ng naramdaman ko na tinamaan ako. Pinilit ko pa rin makatawid. Kahit pagapang pinilit kong marating yung building sa kabila at dun na po ako nawalan ng malay sa garahe,"* Cpl Amisola related.

The bullet entered his shoulder and exited his clavicle, shattering it. It went through his mouth, tearing his tongue before exiting through his cheeks. When he was about to lose conciousness he saw his life and images of his love ones flash before his eyes.

*"Kapag nasa deployment kami di ko talaga iniisip ang pamilya ko kasi ayokong panghinaan ng loob. Pero sa oras na yun, na hindi na ako makahinga dahil na-*suffocate *na ako sa dugo sa bibig ako, nakita ko sila lahat. Yung tatay ko, nanay ko, asawa ko at mga anak ko. Naisip ko, oras ko na talaga ito,"* Amisola painfully recalled.

Cpl Amisola fought for his life with what was left of his strength and screamed for help to catch his comrades attention. After being unresponsive for 10 minutes, his comrades miraculously revived him and he was flown to a hospital in Cagayon de Oro where he was operated on, and eventually transferred to V. Luna Hospital in Quezon City.

*"Inoperahan po yung balikat ko, yung dila ko apat na beses, tapos yung sa lalamunan dalawang beses. Yung huli ay ito lamang pong* December. *Matagal pong gamutan at* therapy. *Di po ako nakakapagsalita noong una kaya kailangan ko mag-*speech therapy." Cpl Amisola said.





*"Nasa* V. Luna Hospital *po ako ng may lumapit sa akin na taga-*Small Business Corporation (SB Corp). *Nung panahon na yun eh nagbibisita po sila ng mga* ward *at nangangamusta at tinatanong kami kung anong* assistance *ang kailangan namin,"* he remembered.

A number of government agencies have come forward with special assistance programs to the wounded and killed in action(KIA/WIA) soldiers during the Marawi siege. SB Corp as part of its *Pondo sa Pagbabago at Pag-asenso (P3) Program*, opened a special equity investment program for WIA and families of KIA soldiers and policemen. The program provides qualified soldiers or their families with an equity investment of up to P100,000.00 with a grace period of two years.

*"Napakaganda po ng programa. Nakahiram po ako ng puhunan para sa pag-aalaga ng baboy ng walang interes sa loob ng dalawang taon. Yung P56,000 na ipinahiram sa akin ng P3 ipinambili ko agad ng biik at ipinagpaayos ng mga kulungan. Yung isang inahin ko nanganak na agad nitong January at balak namin ibalik na ang P56,000 na puhunan agad upang makahiram kami ulit ng mas malaki,"* Amisola stated.

Cpl Amisola's hog raising business is in Iriga, Camarines Sur where his wife manages it. At present they have two sows who are in their offspring bearing stages. One gave birth this January and another one will give birth in March.

*"Lubos ang pasasalamat ko dahil lumaki yung kinikita namin ng asawa ko.* Though *hindi naman kami kinukulang dahil lumaki ang sahod ng mga sundalo at nabigyan din ng scholarship ang mga bata, napakalaking tulong po ng may sariling negosyo na mapapangtawid sa pang-araw-araw na pangangailangan ng aking pamilya,"* he said.

Given a new lease on life, Amisola decides to cut his years of service from 25 years to 20 years to make up for the lost time with his family.

*"Sa nangyari po sa akin, naisip ko na isang himala po na nabuhay ako. Kaya sa pangalawang buhay kong ito, pamilya naman po ang uunahin ko. Tama na po yung 20 years"* he proudly said.

Amisola is currently assigned at the headquarters of the First Scout Ranger Regiment of the Philippine Army in Camp Tecson, San Miguel, Bulacan where he is away from the war, and to his family's relief away from danger.



Asked if he regrets going into military service he adamantly replied *"Hindi po. Nasa dugo na po namin ang mag-sundalo mula pa sa Lolo ko at sa Tatay ko ay nagsilbi sa bayan bilang sundalo."*

He further lays it out plainly: *"Sa Basilan at sa Marawi nakita ko po ang larawan ng katapangan, kabutihan ng puso at pati na rin ang kasamaan. Ako po ay nasaktan at nasugatan sa paraang di ko po akalain na ako'y mabubuhay pa. Mahirap pong magpakatao sa gitna ng digmaan pero ito po ang kaibahan naming mga kawal ng bayan sa mga tinutugis naming mga terorista at rebelde. Kami po ay nanatiling naninindigan sa katarungan at nagtatanggol ng kapayapaan. Masarap po yung pakiramdam na kinikilala kami na bayani. Nakaka-proud po. Isang karangalan po na magsuot ng uniporme na may sagisag ng bansa at magtanggol ng kasarinlan."*

Maging P3 microfinance institution partner. Bumisita o makipag-ugnayan sa pinakamalapit na tanggapan ng SB Corp o DTI Negosyo Center sa inyong lugar.

dti DEPARTMENT OF TRADE & INDUSTRY PHILIPPINES

SMALL BUSINESS CORPORATION

Para sa karagdagan impormasyon tumawag sa:
P3 Hotline: (02) 651-3333
www.sbgfc.org.ph